
# Balitang Manmin

BILANG 155  MAYO 1, 2016

# Nakilahok ang GCN sa Pandaigdigang Kumperensya ng NRB para sa mga Cristianong Mamamahayag sa Taong 2016

## Mga Pangunahing Brodkaster sa Buong Mundo – Nagtutulungan para Maibahagi ang Ebanghelyo














Litrato 1, Presidente ng NRB Jerry Johnson (gitna), Litrato 2, Pinakaunang Bise Tagapangulo John Carley (kanan), Litrato 3, ang booth ng GCN, Litrato 4, Dr. Frank Wright, ang dating Presidente ng NRB (gitna), Litrato 5, Dr. Warren Trumbly, Presidente ng Channel 17, New York, Litrato 6, mga libro ni Dr. Jaerock Lee, Tagapangulo ng Lupon

Noong Pebrero 22-26, 2016, idinaos ng NRB ang pandaigdigang kumperensya para sa mga mamamahayag na Cristiano. Ginawa ito sa Gaylord Opryland Resort at sa Convention Center ng Nashville, USA. Nakilahok ang GCN sa kumperensyang ito.

Itinatag ang NRB (National Religious Broadcasters) para maprotektahan ang mga karapatan at benepisyo ng mga Cristianong mamamahayag. Binubuo ng 1,400 organisasyon sa buong mundo ang NRB, at ang Estados Unidos ang tumatayong punong himpilan o sentro. Nagdadaos sila ng regular na pagpupulong at nagpapalitan ng mga programa at iba't ibang pamamaraan ng pagbobrodkast. Sa taong ito, 2016, mahigit sa 4,700 tao mula sa 175 na grupo ng mga mamamahayag mula sa 44 bansa ang nakibahagi, nagbuo sila ng samahan sa ibang mga Cristianong mamamahayag. Samantala, nagbahagi din sila ng mga pangitain at plano para sa ministeryo ng pagpapahayag.

Sa taong ito, sinimulan ng GCN (www.gcntv.org) ang pagdalo sa Pandaigdigang Pagpupulong (International Reception), at nagpatuloy sa pakikibahagi sa maraming okasyon katulad ng Film Screening, TV Advisory Council, at Standing Committee Meeting para makapagtatag ng pakikipagtulungan sa mga Cristianong brodkaster. Sa pagsasalu-salo sa inihandang hapunan para sa mga lider ng pamamahayag, nagpalitan ng mga opinyon tungkol sa kasalukuyang situwasyon sa Middle East, impluwensya ng IS (Islamic State), at ang pag-uusig sa pananampalataya ng mga mamamahayag na Cristiano ng maliliit na grupo ng mga homosekswal. Bukod dito, dahil sa pakikinig sa iba't ibang seminar at pakikipag-usap sa mga propesyunal at mga intelektuwal sa mga pagpupulong, natutuhan ng GCN ang mga epektibong paraan sa pagbabahagi ng ebanghelyo gamit ang 'digital media technology'.

Ang pwesto (booth) ng GCN ay pinintahan ng asul at puti na sumisimbulo ng Langit at kabanalan. Makikita sa booth ang mga programa tungkol sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee na ginamitan ng teknolohiyang HD, ang pagtatanghal ng pagdiriwang ng ika-33 anibersaryo ng iglesya, ang mga krusada sa ibang bansa tulad ng 'Reminiscence' at 'Walk of Faith'. Ipinakita rin ang iba pang programa tulad ng 'Creation and Science' at 'WCDN'. Nakatawag pansin ang mga libro ni Dr. Lee at Muan Sweet Water, ang tubig na makapangyarihan (Exodo 15:25).

✦✦✦

Lalong naging masaya ang pagsasama-sama nang bisitahin ng presidente ng NRB na si Dr. Jerry Johnson, at iba pang lider ng NRB ang booth ng GCN. Sinabi ng dating presidente ng NRB na si Dr. Frank Wright, "Nakakapukaw ng interes ang iba't ibang paraan ng pagpapalabas ng mga programa ng GCN, lalong-lalo na ang mga ipinapalabas sa Israel. Nagpapasalamat ako sa Tagapangulo ng Lupon, Dr. Jaerock Lee."

Sinabi ng Pangalawang Tagapangulo ng Lupon na si John Carley, "Tinupad ng GCN ang tatlong panukala ng NRB: Pagpapalaganap sa Kultura ng Katotohanan mula sa Biblia, Pagiging Pinakamahusay sa Pamamahayag, at Kalayaan sa Pamamahayag. Natutuwa ako dahil nalaman ko ang tungkol sa GCN." Sinabi ni Mr. Andre Bidnyuk, Pinuno ng Russian Broadcasting Network (RBN), "Dahil sa mga programa tungkol sa sermon ni Dr. Lee maraming tao ang gumaling, nakita nila ang pagkilos ng Diyos. Masayang-masaya ako!"

Nakasama din ng GCN sa ginanap na okasyon ang iba pang Cristianong mamamahayag tulad nina Dr. John Ankerberg, dating Direktor ng Lupon at mamamahayag din; Dr. Warren Trumbly, Bise Presidente ng Pagpapatakbo ng LPTV, OTA Broadcasting LLC (NYC Ch.17, WEBR); Presidente Maxim Maximov, CNL TV; Dr. Randy Wise, Presidente ng IBN at EICB; at Tagapangulo ng Pandaigdigang Komite ng NRB na si Stan Jeter. Naging masaya sila sa pagsasama-sama sa pangalan ng Banal na Espiritu. Nagkaisa sila na magkakaisa sila sa dakilang pangitain ng ministeryo ng pamamahayag na nagdadala ng napakaraming kaluluwa sa kaligtasan sa panahong malapit nang magwakas.

# Ako Ay Ang Ako Nga



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Sinabi ng Diyos kay Moises, 'AKO AY ANG AKO NGA'; At Kanyang sinabi, Ganito ang sasabihin mo sa mga anak ni Israel, 'Sinugo Ako sa inyo ni AKO NGA.'" (Exodo 3:14)

Sa buhay natin bilang mga Cristiano, napakahalagang maintindihan kung sino ang Diyos.

May mga mananampalatayang nagsasabi na nagtitiwala sila sa Diyos, pero hindi nila nararamdaman ang pag-ibig Niya at hindi sila sigurado kung ligtas sila. Kung batid natin kung saan nagmula ang Diyos, magkakaroon tayo ng malapit na kaugnayan sa Kanya, makakapagsulong tayo ng buhay na puspos ng Espiritu at matitiyak nating ligtas tayo.

### 1. Ang Diyos na walang simula at wakas ay Siyang "AKO AY ANG AKO NGA"

Natutuhan at naranasan ng tao na ang lahat ng bagay ay palaging "may simula" at "may wakas." Halimbawa, may simula at wakas ang mga tao at mga hayop. Ang simula nila ay kapag ipinanganak sila ng mga magulang nila, at ang wakas nila ay kapag namatay sila. Kahit gaano katanda na ng isang antigong bagay, nangangahulugang may gumawa o lumikha dito noong nakaraang panahon. Lahat ng pangyayari sa kasaysayan ay may simula at may wakas.

Dahil dito, may mga nagtatanong, "Sino ang lumalang sa Diyos?" o "Kailan nagsimulang magkaroon ng Diyos, ano ang mayroon bago Siya umiral?" Marami ang nag-iisip at nagtataka kung paano nagkaroon ng Diyos, para sa kanila, dapat magkaroon ng pinagmulan ang buhay Niya. Pero kung ang Diyos na Manlilikha at Walang Hanggan ay may simula, magiging hindi kapanipaniwala at kakaiba ito sa lahat ng bagay.

Kung umiral ang Diyos sa isang bahagi ng kasaysayan, iisipin ng tao kung ano ang mga bagay na mayroon bago magkaroon ng Diyos at ang mga bagay na nangyari bago Siya nagsimula. Hindi Siya magiging Manlilikha o Walang Hanggan kung may lumikha o may nagpanganak sa Kanya. Kaya kung ang Diyos ay walang hanggan at perpekto, dapat wala Siyang simula o wakas, at walang sinumang lumalang sa Kanya.

Tungkol naman sa kung sino Siya, sinabi Niya kay Moises sa Exodo 3:14, "AKO AY ANG AKO NGA". Walang nagpanganak sa Diyos at walang lumalang sa Kanya. Mayroon ng Diyos mula sa walang hanggan hanggang sa walang katapusan (lampas pa sa walang hanggan).

### 2. Umiral ang Diyos bilang liwanag at tunog at naging Tatlong Persona – Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo

Noong umiral ang Diyos bago pa magsimula ang walang hanggan, ano ang hugis o anyo Niya? Sinasabi sa atin ng Juan 1:1, "Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos."

Ang sinasabi dito na "Nang pasimula" ay ang panahong bago pa likhain ang lahat ng bagay sa sansinukob, nang ang Diyos ay umiral nang nag-iisa. Sumisimbulo ito sa panahong hindi maiintindihan ng tao dahil limitado ang kaalaman at karanasan niya. May sinasabi ang Juan 1:1 tungkol sa pag-iral ng Diyos nang walang-hanggan nang nag-iisa na "ang Salita ay Diyos." Wala pa Siyang anyo pero umiral bilang Salita, ito ang itinutukoy na "tunog".

Sinasabi din sa atin ng 1 Juan 1:5, "At ito ang mensahe na aming narinig sa Kanya at sa inyo'y aming ipinapahayag, na ang Diyos ay liwanag, at sa Kanya'y walang anumang kadiliman." May espirituwal na kahulugang nakapaloob sa mga salitang "liwanag" at "kadiliman". Ang salitang "kadiliman" ay tumutukoy sa lahat ng bagay na laban sa katotohanan, ito ay mga bagay na hindi makatarungan, labag sa batas, at makasalanan. Ang salitang "liwanag" ay tumutukoy sa lahat ng bagay na totoo, tulad ng pag-ibig, kabutihan, katuwiran, at ibang pang bagay na tulad nito. Pero hindi lang "Liwanag" ang Diyos sa espirituwal na diwa, umiral Siya bilang liwanag noong panahong "bago" pa Niya likhain ang lahat ng bagay.

Umiral ang Diyos bilang Salita sa kalagitnaan ng napakaganda at kamangha-manghang liwanag na may malinaw, malinis, banayad, kagalanggalang at dumadagundong na tunog na narinig sa buong sansinukob.

At sa panahong pinili ng Diyos na umiral bilang liwanag at tunog, niloob Niyang lumikha ng tao; Nais ng Diyos na magkaroon ng mababahagian ng pagmamahal. Para maisakatuparan ang lahat ng plano tungkol sa pangangalaga ng sangkatauhan, nag-anyong "Diyos na may Tatlong Persona" ang Diyos na Siyang simula ng lahat ng bagay: Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo.

Sa puntong ito, nagkaroon ng mas konkretong anyo bilang Diyos na may Tatlong Persona ang Diyos na pinagmulan ng lahat ng bagay. At dahil sa nakasulat sa Genesis 1:26, batid natin kung ano ang anyo Niya: "Lalangin natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis." Ibig sabihin, itinulad Niya sa anyo Niya ang tao nang lalangin Niya ito. Ang anyo ng tao ay itinulad sa anyo ng Diyos at ang puso nito ay nilalang para maging tulad ng puso ng Diyos. Gayon pa man, nang magkasala si Adan, nagbago ang puso ng tao, pumangit ito at lumayo sa Diyos.

### 3. Tanging ang "AKO AY ANG AKO NGA" ang sasambahin natin

Ang Diyos ay umiral ng nag-iisa mula noong walang katapusan hanggang sa walang hanggan, hindi tulad ng tao na nilikha lang. Tanging ang "AKO AY ANG AKO NGA" ang tunay at perpektong Diyos, Siya lang ang dapat nating sambahin at ibigin. Pero hindi kilala ng ibang tao ang Diyos na ito kaya sumasamba sila sa mga diyus-diyosan na ginawa lang ng tao. Inuukit at ginagawan ng anyo ng mga taong ito ang ginto, pilak, kahoy at bato; pagkatapos, yuyukod sila sa mga ito!

Ipagpalagay nating hindi kayo kilala ng anak ninyo, lumalapit sila sa ibang tao at tatawagin nila ang mga ito ng, "Inay!" o "Itay!" Masasaktan ang damdamin ninyo! Kaya ba ninyong isipin kung gaano kalungkot at kasakit sa damdamin ng Diyos na Manlilikha kung maglilingkod kayo sa mga diyus-diyosan na tao lang ang gumawa? Napopoot ang Diyos sa pagsamba sa mga diyus-diyosan.

Sinasabi sa atin ng Diyos sa Exodo 20:3-5, "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap Ko. Huwag kang gagawa para sa iyong sarili ng inukit na larawan o ng anumang kawangis ng anumang nasa langit sa itaas, o ng nasa lupa sa ibaba, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa. Huwag mo silang yuyukuran, o paglingkuran man sila; sapagkat Akong PANGINOON mong Diyos ay Diyos na mapanibughuin, na Aking pinaparusahan ang mga anak dahil sa kasamaan ng mga magulang hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi ng mga napopoot sa Akin." Ang Diyos na "AKO AY ANG AKO NGA" ay nag-iisang Diyos, Siya lang ang dapat nating sambahin at paglingkuran.

May isa pang bagay na dapat nating tandaan. Ang Tagapagligtas na si Jesus na dumating dito sa mundo ay Siya ring Diyos na Manlilikha. Walang sinumang lalaki o babae ang magulang Niya. Nang dumating si Jesus dito sa lupa para maging Tagapagligtas, nagkatawang tao Siya, at ipinanganak ng isang birhen.

Kahit noon, mababasa natin sa Mateo 1:18, "Ganito ang pagkapanganak kay Jesu-Cristo. Nang si Maria na Kanyang ina ay nakatakdang ikasal kay Jose, bago sila magsama, si Maria ay natuklasang nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo." Ang dahilan kung bakit tinawag na "ina" ni Jesus si Maria ay dahil isinulat ng isa sa mga alagad ni Jesus ang tungkol dito. Walang minana si Jesus kay Jose o Maria nang ipanganak Siya. Ipinanganak Siya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ginamit ng Diyos si Birheng Maria bilang instrumentong magdadala ng Tagapagligtas.

Mababasa natin sa Biblia na tinawag ni Jesus si Birheng Maria na "Babae" hindi "Nanay" o "Ina". Walang kahit na sinong babae na isang nilalang ang pwedeng maging ina ng Diyos na Manlilikha. May mga taong sumasamba at nagpupuri kay Birheng Maria na parang Diyos mismo ang sinasamba nila. Tandaan ninyo na wala ni isang nilalang ang dapat nating sambahin. Alalahanin ninyo na maliban sa Diyos na may Tatlong Persona, walang ibang dapat sambahin.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, Ang Diyos na Siyang "AKO AY ANG AKO NGA" ay umiral bilang liwanag at tunog sa simula. Para magkaroon ng mga tunay na anak na pwede Niyang mahalin magpakailanman, nilalang Niya ang tao at sinimulan ang pangangalaga ng sangkatauhan. Sa puntong ito, umiral Siya bilang Diyos na may Tatlong Persona. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na palagi ninyong isipin na ang Diyos na Manlilikha lang ang tanging tunay na Diyos, at ang pagsamba sa Kanya ay paraan para magkaroon ng pinagpalang buhay kay Cristo.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog

Balitang Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Pagpapanibago at Paggaling Dahil sa Kapangyarihan ng Banal na Espiritu

Nalulugod ang Diyos ng Pag-ibig sa mga anak na umaasa at nananampalataya sa Kanya. Nilulutas Niya ang lahat ng klaseng problema sa buhay nila at dinadala sila sa masayang buhay na walang alalahanin at pagkabahala. Mababasa ninyo ang mga patotoo mula sa mga miyembro ng iglesya na gumaling dahil sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa loob at labas ng Korea.

## "Nang makamayan ko si Dr. Jaerock Lee, gumaling ang hika ko"

Diakono Byunghyup Jeon, 47 taong gulang, Masan Manmin Church, South Korea



◀ Pamilya ni Diakono Byunghyup Jeon (mula kaliwa, Diakono Jeon, mga anak niyang sina Sehyun at Younghyun, at ang asawa niyang si Diakonesa Hyojeong Yim)

Akala ko pangkaraniwang sipon lang ang sakit ko, pero naging malala ito habang lumilipas ang panahon, nahirapan pa akong huminga. May mga kakaibang tunog sa dibdib ko kapag humihinga ako, dalawa o tatlong beses akong nagigising sa pagtulog sa gabi. Kapag nagising ako, nahihirapan na akong bumalik sa pagtulog. Nahirapan akong huminga noong isang gabi, binuksan ko ang mga bintana, pero hindi ito nakatulong.

Noong Oktubre 2014, nakita sa resulta ng pagsusuri sa akin na may hika ako. Hindi malaman kung saan nagmula o ano ang dahilan nito. Sinimulan kong hilingin ang pagpapala ng Diyos sa pagdalo ko sa mga pagsamba at pulong-panalanging Daniel. Nang pagnilaynilayan ko ang buhay ko ayon sa Salita ng Diyos, natanto ko na masama akong tao, nagsisi ako.

✦

Noong Pebrero 2015, nananaginip ako. Sa panaginip ko, nakita ko ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, lumuhod ako sa harapan niya at sinabi ko sa kanya ang tungkol sa karamdaman ko. Idinalangin niya ako ng maalab. Pumunta ako sa punong pastor, nakasulat sa palad ko ang karamdaman ko, nakipagkamay ako sa kanya. Nawalang lahat ng sintomas ng hika ko.

Nang nagpasuri akong muli, nakumpirma na gumaling na ako mula sa hika. Hallelujah!

## "Mabilis ang paggaling ng nabaling mga buto ko sa panalanging lumalampas sa lugar at panahon"

Punong Diakonesa Hyangwon Lee, 56 taong gulang, Parokya 15, South Korea



Noong Nobyembre 7, 2015, nadulas at bumagsak ako sa lupa habang lumalakad ako nang mabilis. Hindi na ako nakatayo. Tinulungan ako ng mga tao pero may naramdaman akong napakasakit. Dinala ako ng isang ambulansya sa ospital at nakita sa x-ray na nabali ang buto ko sa ilalim ng kasukasuan ng balakang.

✦


Sinabi ng doktor na dapat agad akong maoperahan para maisaayos ang mga buto. Sinabi rin niya na mahiga ako sa kama ng mahigit sa isang buwan at magpahinga lang. Noong gabing iyon, halos hindi ako makatulog dahil sa pananakit. Hindi ko maibaling o maigalaw ang katawan ko. Dapat pa akong tulungan ng mga kapamilya ko para makapunta sa banyo.

✦

Nang sumunod ng araw, Linggo, nagpadala ako ng hiling na panalangin kay Dr. Jaerock Lee, nasa bundok panalanginan siya noon. Habang lumilipas ang oras noong araw na iyon, unti-unting nabawasan ang sakit na nararamdaman ko. Nakatulog ako nang mahimbing noong gabing iyon. Kinaumagahan, araw ng Lunes, wala na akong pananakit, nakakapunta na ako sa banyong nag-iisa, may tungkod.

Nang sumunod na araw, nakakatayo na akong mag-isa, walang kahit na anong tulong. Nabawi ko ang dating lakas ko nang mabilis, normal na ulit ang paggalaw ko. Pumunta ako sa ospital para magpa x-ray, maayos na ang mga butong nabali.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagpagaling sa akin sa pamamagitan ng kamangha-manghang kapangyarihan Niya.




## "Nawala ang bukol (fibroid) na kasinlaki ng nogales (walnut)"

Punong Diakonesa Misuk Kim, 44 taong gulang, Parokya 1, South Korea



Mula pa noong magsimula ang taong 2015, pinagdusahan ko na ang pananakit ng tiyan tuwing mayroon akong buwanang dalaw (regla). Parang pinagbubuhol ang mga bituka ko. Pinagpapawisan ako ng malamig at kung minsan, hinihimatay ako. Sobra ang lumalabas na dugo sa akin kapag may buwanang dalaw, kung minsan, dinudugo ako kahit wala pa sa panahon. Namumutla ang mukha ko, nahihirapan akong umakyat sa hagdanan dahil nanghihina ako. Madalas akong nahahapo, kulang ako sa dugo at nahihirapang dumumi. Nalagas din ang buhok ko.

✦

Noong Enero 4, 2016, pina-ultrasound ko ang aking matris. Sinabi ng doktor na may nakitang tatlong bukol dito. Walang problema sa dalawang bukol na nasa gitna ng matris, pero ang isang nasa ibaba, na kasinlaki ng nogales, ay dumidiin sa matris ko. Sinabi pa niya na ito ang dahilan ng sobrang pagdurugo ko. Binalaan niya ako na kung lalala pa ang kalagayan nito, baka tanggalin ang matris ko. Gumawa ng pormal na sulat ang doktor ko para makapagpagamot ako sa mas malaking ospital.


Nagbalik tanaw ako sa buhay ko bilang Cristiano. Naglilingkod ako bilang isang lider ng iglesya pero hindi ko tinanggal sa puso ko ang masasamang katangian tulad ng kayabangan at pagmamataas. Pinagsisihan ko rin ang maligamgam na pananampalataya ko. Noong Enero 15, tinanggap ko ang panalanging may panyo ni Rev. Heesun Lee, Tagapatnubay na Pastor ng Misyon para sa mga Kababaihan (Ang Mga Gawa 19:11-12). Dinugo pa rin ako. Pero pagkatapos ng dalawang araw, kasabay ng pagdurugo, may lumabas ding maitim na bukol mula sa katawan ko. Magmula noon, huminto na ang pagdurugo ko, normal na ang buwanang dalaw ko.

Pinaghandaan ko ang lubusan kong paggaling sa pamamagitan ng pagdalo sa Pulong na may Banal na Pagpapagaling sa Manmin Prayer Center. Noong Pebrero 7, 2016, nagkaroon ng pagkakataon ang mga miyembro ng iglesya na batiin ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee at makinig sa mensahe niya. Nang tanggapin ko ang panalangin niya para sa mga maysakit at makipagkamay sa kanya nang may pananampalataya, labis ang kagalakang nadama ko. Natiyak ko rin na magaling na ako. Nawala na ang pamumutla ng mukha ko, naging normal na ang pakiramdam ko. Nakakahinga na ako nang maayos at hindi na ako nahihirapang dumumi. Hallelujah!


✦

Noong Pebrero 18, pumunta ako sa ospital para muling magpasuri. Nakita sa ultrasound na wala ang malaking bukol na naging dahilan ng pagdurugo, pati ang isa pang mas maliit na bukol at ang natirang bukol ay lumiit na, mula 3sm ito ay naging 2.2sm. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay tanging sa Diyos ko lang ibinibigay.

❖Bago ipanalangin




❖Pagkatapos ipanalangin



# “Binasa ko ang librong *Spirit, Soul, & Body*, binago nito ang buhay ko!”


Kapatid Reward Sibanda



Si Kapatid Reward Sibanda ay Tagapamahala ng isa sa mga kumpanya ng asosasyon ng mga kooperatiba ng GCN. Binigyan siya ng libro ni Dr. Lee na *Spirit, Soul, & Body* sa NRB Convention noong taong 2015. Humanga siya sa librong ito, nagkaroon siya ng malalim na pagunawa. Ibinahagi niya ang pagpapalang tinanggap niya sa daan-daang mga Cristiano. Sa taong ito, binisita niya ang pwesto (booth) ng GCN, ipinaabot niya dito ang taos-puso niyang pasasalamat (Kapatid Reward Sibanda, kasama ang Director ng GCN James Jaehwan Lee, at ang exhibition booth ng GCN)

Humanga ako sa librong *Spirit, Soul, & Body* na isinulat ni Dr. Jaerock Lee nang basahin ko ito dahil binabago nito ang buhay ng mga tao. Naniniwala akong kakaunti ang mga taong nakakaintindi ng orihinal na kalooban ng Diyos kaya hindi nila ito maipaliwanag ito sa ibang tao.

Ipinapaliwanag ni Dr. Lee sa librong *Spirit, Soul, & Body* ang tunay na konsepto ng espiritu, kaluluwa, at katawan para madali itong maintindihan ng mga tao. Mauunawaan ito ng mga taong mula sa iba't ibang kultura. Naunawaan ko agad kung anu-anong sangkap ang bumubuo sa tao.




*Spirit, Soul, & Body* Vol. I at II, sinulat ni Dr. Jaerock Lee

✦

Pagkatapos kong basahin ang librong ito, may nangyaring kamangha-mangha sa akin. Sa unang pagkakataon, naantig ang puso ko ng Salita sa Biblia. Nagsimula akong manalangin ng mas maalab at natanto ko kung paano dapat manalangin. Nadama kong tumagos ang Salita ng Diyos sa espiritu at kaluluwa at sa mga kasukasuan. Nagamit ko rin ang nabasa ko sa buhay ko. Binago ng librong ito ang buhay ko, kahit na sinong magbabasa nito ay makakaranas ng pagpapanibagong buhay. Taos-puso akong nagpapasalamat kay Dr. Lee.

## “Nakalaya ako mula sa gabi-gabing pananakit na pumipigil sa paghinga ko, parang ikakamatay ko ito”

Kapatid Chendsuren, 35 taong gulang, Mongolia Manmin Church

Nagsimula akong mahirapang huminga noong 1999. Pumunta ako sa ospital para magpasuri, walang nakitang sakit. Pero palagi akong nahihirapan sa paghinga, madalas akong nagigising sa gabi dahil dito. Parang may kamay na tumatakip sa bibig ko, pakiramdam ko, mamamatay na ako. Sa gabi, mabilis ang tibok ng puso ko, parang lalabas ito sa bibig ko.

✦

Natakot ako na ikamatay ko ang sakit na nararamdaman ko tuwing gabi. Bumalik ako sa ospital at pinasuri ko ang puso at baga ko, pinasuri ko rin ang pag-iisip ko, pero walang nakitang problema. Sinubukan ko din noon ang Lama Buddhism at shamanism pero hindi ito nakatulong. Dahil may ilan taon na akong nagdurusa sa paghinga, nahihirapan din akong umakyat at bumaba ng hagdanan lalo na kapag nagmamadali.

Noong Oktubre 2015, nagpasuri ako. Nakita sa pagsusuri na hindi normal ang pagtibok ng puso ko. Nahihirapan akong huminga dahil sa arrythmia.

Noong panahong iyon, miyembro ako ng Mongolia Manmin Church pero matagal na akong hindi dumadalo. Noong Nobyembre 2015, nagsimba ako at naghandog ng mga pagsamba tuwing Linggo. Idinalangin ako ng pastor ng iglesya na si Pastor Botzorig gamit ang makapangyarihang panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12). Sinabi niya na dinalanginan ang panyong ito ng pinuno ng Manmin Central Church na si Punong Pastor Dr. Jaerock Lee.

Nang tanggapin ko ang panalangin, may naramdaman akong isang bagay na lumabas sa katawan ko, naging payapa ang puso ko. Nadama kong mabuti at malinis ako. Magmula noon, malusog na ako, walang nararamdamang sakit. Mahimbing ang tulog ko at maganda ang gising ko. Nagpapasalamat at namamangha ako dahil normal at wala akong kakaibang nararamdaman. Wala na akong problema kahit tumakbo ako pag-akyat at pagbaba ng hagdanan. Kamangha-mangha! Hallelujah!



## “Nawala ang epekto ng malaria sa katawan ko”

Kapatid Heritie Colongzi Kabasele, 32 taong gulang, Kinshasa Manmin Church, DR Congo



Mula noong taong 2006, pinagdusahan ko ang napakataas na lagnat, nasuring mayroon ako malaria na hindi gumagaling. Hindi ako makapaglakad dahil sumasakit ang tagiliran ko. Hindi ako makahiga nang nakatihaya, kaya tumatagilid ako. Palaging masakit ang ulo ko kaya wala akong ganang kumain. Ang sintomas ay nagmumula sa pamamaga at paglaki ng aking lapay (splenic enlargement). Nagpagamot ako sa ospital, pinainom ako ng gamot. Pero hindi ito nakatulong.

✦

Noong Pebrero 2006, nagdaos ng krusada para sa pagkakaisa si Dr. Jaerock Lee sa Triumph Boulevard 1997 sa Kinshasa, DR Congo. Gusto ng tatay ko na maipanalangin ako ni Dr. Lee para gumaling ako kaya dinala niya ako doon, tinulungan niya ako sa pagtanggap ng panalangin para sa mga maysakit. Pagkatapos, gumaling na ang pamamaga at paglaki ng lapay ko (spleen).

Noong taong 2010, nagkaroon muli ako ng mataas na lagnat. Noong Hunyo, dahil sa taas ng lagnat ko, bigla akong hinimatay at naulit pa ito noong Hulyo. Palagi akong dinadala sa ospital ng ambulansya. Noong taong 2011, hindi ko na makayang pumasok sa opisina.

✦

Noong Enero 2015, isinama ako ng kaibigan ko sa Kinshasa Manmin Church, nagrehistro ako doon. Pagkalipas ng dalawang buwan, pinaghandaan ko ang pagdalo sa pagdiriwang ng anibersaryo ng iglesya. Wala akong lakas ng loob dahil sa kalagayan ng kalusugan ko. Pero nakibahagi pa rin ako sa paghahanda para sa pagtatanghal, nalaman ko na kung malulugod ang Diyos sa akin, sasagutin Niya ang mga dalangin ko. Dinaluhan ko ang lahat ng pagsamba at maalab na tinanggap ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga maysakit sa pamamagitan ng pagbobrodkast ng GCN.

Magmula noon, wala na akong problema sa katawan ko, nananatili akong malusog. Pinagdudusahan ko dati ang sakit ng ulo, pagpapawis ng buong katawan, at panghihina. Pero ngayon, malusog na ako, nagpupuri ako hanggat gusto ko. Masayang-masaya ako! Hallelujah!

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714